# Mga Aktibidad

## para sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Mayo 27–Hunyo 2

### Pagkukulay tungkol sa Kabutihan ng Diyos

**PARA SA MOSIAS 25–28**

Binasahan ni Haring Mosias ang kanyang mga tao ng mga kuwento kung paano napagpala ng Diyos ang mga tao ni Alma. Nang marinig nila ang mga kuwento, naisip nila ang "kagyat na kabutihan ng Diyos" (Mosias 25:10). Itanong sa inyong mga magulang at lolo't lola kung paano naging mabuti ang Diyos sa inyong pamilya. Idrowing ang mga paboritong kuwentong maririnig ninyo.

**Para sa mas maliliit na bata:** Gawin ang pahinang kukulayan sa pahina 48. Habang nagkukulay kayo, pag-usapan ang mga paraan na maaari nating madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Hunyo 3–9

### Bookmark ng Binyag

**PARA SA MOSIAS 29–ALMA 4**

Maraming taong bininyagan si Alma. Nang mabinyagan sila, sumapi sila sa Simbahan ng Diyos (Alma 4:5). Gumawa ng bookmark ng binyag! Gupitin ang isang maliit na parihabang papel. Drowingan ito ng isang taong binibinyagan sa isang panig. Sa kabilang panig, isulat ang makikita ninyong mga talata sa banal na kasulatan na nagtuturo tungkol sa binyag. Gamitin ang inyong bookmark ng binyag sa pagbabasa ninyo ng mga banal na kasulatan.

**Para sa mas maliliit na bata:** Kantahin o pakinggan ang awiting "Pagbibinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 54). Sa tuwing maririnig ninyo ang mga salitang "binyag" o "Jesus," tumayo kayo.





MGA LARAWANG-GUHIT NI KATY DOCKRILL

Hunyo 10–16

### Shepherd Tag

**PARA SA ALMA 5–7**

Si Jesucristo ang Mabuting Pastol, at nais Niyang lumapit tayo sa Kanya (tingnan sa Alma 5:38). Maglaro ng shepherd tag! Ang taong "taya" ang siyang pastol na nagtitipon sa mga tupa. Kapag nataya ng pastol ang isang tao, susundan nito ang pastol. Kapag nataya na ang lahat, maglaro ulit na may kasamang bagong pastol!

**Para sa mas maliliit na bata:** Si Jesus ay parang pastol, at tinatawag Niya tayong lumapit sa Kanya. Pagtaguin ang isang tao at tawagin ang inyong musmos na anak. Pagkatapos ay ipahanap siya sa inyong anak.

Hunyo 17–23

### Mabilis na Pag-awit

**PARA SA ALMA 8–12**

Nang sabihan ng isang anghel si Alma na turuan ang mga tao, "mabilis" na sumunod si Alma (Alma 8:18). Pag-usapan kung paano ninyo masusunod ang mga utos ng Diyos. pagkatapos ay awitin ang "Piliin ang Tamang Landas" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 82). Sa unang pagkakataon, kantahin nang dahan-dahan ang awitin. Pagkatapos ay kantahin itong muli, nang pabilis nang pabilis. Gaano kabilis ninyo ito kayang kantahin?

**Para sa mas maliliit na bata:** Bigyan ang inyong mga musmos ng simpleng aksyong gagawin, tulad ng paglundag, paghawak sa mga daliri nila sa paa, o pag-ikot. Anyayahan silang subukang gawin ito nang pabilis nang pabilis. Pagkatapos ay pag-usapan kung paano tayo maaaring maging mabilis sa pagsunod sa Diyos.





Hunyo 24–30

### Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan

**PARA SA ALMA 13–16**

Itinuro nina Alma at Amulek sa mga tao na umasa kay Jesucristo at magsisi (Alma 13:16). Basahin ang kuwento sa pahina 26 para malaman ang iba pa tungkol kina Alma at Amulek. Paano sila tinulungan ng Diyos? Paano Niya kayo tinutulungan?

**Para sa mas maliliit na bata:** Tingnan ang painting ni Jesucristo sa pahina 49. Pag-usapan kung ano ang pakiramdam ng makita Siya!